

EDITORIAL: Bayanihan sa gitna ng pandemya

Napakabigat na laban ang kinakaharap ng mga health care frontliners ng Puerto Princesa upang mapigilan ang pinakamalalang pagdami ng kaso ng Covid-19 sa siyudad. Napakabilis ng pagdami ng kaso nitong nakaraang mga linggo na maaring gumapi sa kapasidad ng lokal na pamahalaan na i-quarantine ang mga nag positibo sa Covid-19. Habang patuloy ang contact tracing ay patuloy ang pagdami ng mga kailangan i-quarantine at testingin.

Naging magaan ang pamamahala ng siyudad sa pandemic sa unang taon nito. Umabot lamang sa 30 ang aktibong kaso at patuloy ang pagbaba nito na umabot na lamang sa 3 ang positibong kaso sa katapusan ng Pebrero 2021. Pagtungtong ng Marso ay sumipa na ang dami ng may covid-19. Noong Sabado (April 17) ay umabot na sa 128 ang kumpirmadong may Covid-19, pinakamataas na bilang sa ngayon.

Ayon sa incident management team ng siyudad, ang mabilis na pagkalat ng virus sa komunidad ay nangangahulugang ito ay bagong strain ng virus na mas nakakahawa at delikado.

Bilang tagapagbalita, nasaksihan at naisalaysay ng Palawan News ang kuwento ng mga frontliners ng siyudad bilang mga hindi kilalang mga bayani ng ating panahon. Karamihan sa kanila ay nagtatrabaho ng mahabang oras na umaabot sa 16 na oras ng duty at nakawalay sa kanilang pamilya upang maiwasan na mahawa ang mga mahal sa buhay.

Ang kanilang mga kuwento ay natatabunan ng mga numero na pangunahing iniuulat ng media. Halimbawa ay ang kuwento ng isang nars sa Ospital ng Palawan na nagsabing ang pinakamahirap na bahagi nang kanyang trabaho ay tiisin ay ang mahabang oras na pawis suot ang PPE at hirap ng paghinga sapagkat maging ang kanyang N95 ay basa na ng pawis.

Sa kasalukuyang sitwasyon, hindi lamang kooperasyon ng mamamayan na sundin ang mga patakaran ng lockdown ang kailangan ng mga frontliners. Kailangan nila ang karagdagang gamit at mga tao. Dito papasok ang bayanihan o community volunteerism. Ito ang makakatulong sa ating frontliners at sa ating lahat habang kulang na kulang pa ang mga bakuna.

Maraming ng mga indibidwal at mga grupo, kasama ang Palawan News, ang nagbibigay suporta sa ating mga frontliners sa pamamagitan ng donasyon at iba pang uri ng tulong. Marami ang patuloy na nagpapaalala na sundin ang mga itinakdang alituntuning pangkaligtasan. May nagtayo na rin ng paminggalan o kusina ng komunidad upang matulungan ang mga naka lockdown na maitawid ang mga pangangailangan. Kahanga hanga ito at maaaring gawin sa iba pang lugar.

Malalaman sa katapusan ng Abril kung ang ating sitwasyon ay bubuti o lalala. Ang bangis ng Covid-19 ay hindi kontrolado sa ngayon ninuman, pero kung paano natin patitiba'yin ang ating frontliners at paano tayo kikilos bilang mamamayan ay malaki ang kinalaman sa magiging kapalaran o katayuan natin sa patuloy na hamon ng Covid-19.